

まんがでわかる




Filipino
タガログ語

鑄造の安全衛生

Alamin sa Pamamagitan ng Manga
Kaligtasan at Kalusugan sa Casting



Ang audiovisual material na ito ay ginawa na may layuning matutunan ang mga pangunahing pamantayan ng kaligtasan at kalusugan para sa mga manggagawa sa lugar ng trabaho na gumagawa ng casting.



Ngayong araw, alamin natin ang tungkol sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho ng casting!




Kailangang mag-ingat dahil humahawak ng bagay na mataas ang temperatura, nagha-handle ng mabigat na materyales, at higit sa lahat ay nago-operate ng makinarya.

Oo nga!



Ano kayang trabaho ang ginagawa rito?


Saang mga bagay kaya dapat mag-ingat?



Tignan muna natin ang mga kondisyon na nagdudulot ng aksidente sa trabaho.

Okay po!

Sige, tignan natin ang mga pangunahing sanhi ang aksidente sa trabaho.



Porsyento ng insidente ng casualties sa casting.

1	Pagkaipit/Pagsabit	31 %
2	Pagdikit sa bagay na mataas ang temperatura	13 %
3	Pagtilapon/Pagkalaglag	11 %
4	Pagkatumba	10 %
5	Reaksyon ng operasyon / Pinilit na operasyon	9 %



Reference: "2019 Report of Worker Casualties" ng Ministry of Health, Labour and Welfare (Pinagsama-samang bilang mula sa casting at non-ferrous casting industry)

*Sa trabaho na may kinalaman sa casting, marami ring trabaho na lumilikha ng alikabok kaya naman may pangamba rin ng dust hazard.



Mahalaga na pigilan hindi lamang ang aksidente kundi pati na rin ang dust hazard.






*Ang mga patakaran para siguraduhin ang kaligtasan ay ginawa ayon sa mga natutunan mula sa maraming pagkakamali at aksidente sa nakaraan at hindi lang ayon sa batas.



Marami ring aksidente sa crane.
Nagkakaroon ng malaking aksidente
kapag bumangga sa inangat na casting mold
o kaya naman ay naipit sa pader.



Mag-ingat din sa pagbagsak ng casting mold o cast metal.
Mayroon ding mga bagay na ang bigat ay nasa
daan-daang kilo kaya naman maaaring bawian ng
buhay kapag tumama sa ulo o kaya ay napisa nito.



May kaakibat pala
itong panganib.



Kaya naman mahalaga
talaga ang lubusang pagsunod
sa mga patakaran.



Para protektahan ang sariling katawan,
mahalaga na magsuot ng protective equipment.
Marami itong uri pero kailangan piliin
ang gagamitin ayon sa trabaho.



Halimbawa, para sa alikabok,
epektibo ang pagsuot ng mask.


Saang bagay kailangan
mag-ingat sa pang-araw-araw?




Alam mo ba kung
ano ang 4S?




Ang 4S ay ang Seiri (pagbubukod),
Seiton (pagsasaayos), Seiso (paglilinis), at
Seiketsu (paggawa ng pamantayan).
Ito ang pangunahing pamantayan
ng kaligtasan.



Seiri
(pagbubukod)



Seiton
(pagsasaayos)




Seiso
(paglilinis)



Seiketsu
(paggawa ng pamantayan)

Ngayon naman,








Tignan natin


Ang eksena sa
lugar ng trabaho.





CASE 1

Pagkapaso





Ayan, umaapoy, umaapoy na.



Hala!
May apoy sa uniporme ko!



Ugh,
ang init, ang init!
Saklolo!


Hoy!
Anong nangyari
sa iyo?




Okay ka
lang?



Ang sakit...




Ang lala ng
pagkapaso mo,
kailangan palamigin
kaagad!





CASE 1 Summary

1 Magsuot ng angkop na protective equipment sa lugar ng trabaho.



2 Kailangan mag-ingat dahil madaling magliyab ang organic solvent!






TIPS

Magsuot ng leather gloves kapag hahawak ng cast metal!



CASE 2


Injury sa grinder operation






Bibilisan kong gawin ang susunod na trabaho.

Kung iisipin, parang ang sakit talaga ng nangyari.



Baka hindi niya napansin dahil may lumilipad na metal dust sa paligid at mahirap itong makita.



Parang umuuga ang cast metal.

May kakaiba.



Hala!



Ang sakit! Nahulog sa paa ko ang cast metal.



Hmmm, oo nga, nakalimutan kong ipirmi ang cast metal gamit ang jig.

Sinuot ko rin pala dapat ang instep protector.



Medyo may kirot pero okay pa naman ako.




Makalipas ang 2 oras

Unti-unting sumasakit ang lugar kung saan tumama ang cast metal. Parang medyo umiinit na rin.




Ano kayang nangyayari?



Hala, namamaga na pala!

Supervisor!
Mukhang may injury siya sa paa.



May crack daw sa buto mo?

Huli na ang pag-report mo! Kapag naisip mo pa lang na "Baka may injury ako", ipagbigay-alam mo na kaagad.


Siguraduhing gumamit ng jig at protective equipment.

Magkaka-problema ka kapag nagkaroon ka ng injury. Magpahinga ka muna at magpagaling.

Napagtanto niya na mahalaga ang pagsunod sa itinakdang proseso.

CASE 2 Summary


1 Mag-ingat sa grinder operation!



Kapag nilapag ito sa lamesa habang umiikot pa, mahuhulog ito at masusugatan ang paa. Magkakaroon ng seryosong injury kapag tumilapon ang grinder at tumama ang whetstone sa katawan kaya dapat mag-ingat.


*Ang trabaho ng pagpalit ng grinding stone at test run pagkatapos ng pagpalit ay kailangan isagawa ng isang tao na kumuha ng Special Education for Safety and Health ayon sa labor safety and health law.

2 Magtrabaho ayon sa itinakdang proseso!



Parang umuuga ang cast metal.

May kakaiba.




Hala!

Bago ituloy ang trabaho, kumpirmahin muli kung tama ba ang proseso ng operasyon at kung walang panganib.

TIPS

Magsuot ng protective glasses kapag lalapit sa grinder operation.



Madaling makita ang metal dust at spark mula sa grinder,







Pero kapag tumalsik ito ng 30cm, hindi na ito makikita dahil sa paglamig at pag-itim.








Kailangan ding magsuot ng protective glasses ng taong dumadaan sa malapit.

CASE 3

Pagsabit sa conveyor







CASE 3 Summary

1 Kumpirmahin muna bago paandarin muli!




Kapag inalis ang cover o safety device sa pag-inspeksyon at iba pa,

- 1 Siguraduhing ibalik sa dati
- 2 Kumpirmahin kung pantay
- 3 Kumpirmahin sa pamamagitan ng pagsabi at kung walang tao sa paligid bago i-ON ang switch.

Rumesponde sa abnormalidad kasama ang ibang tao! Ipagbigay-alam sa supervisor!

2 Huwag humawak sa umaandar na makina!



Mag-ingat sa pagsabit ng uniporme o kagamitan

Halimbawa:

- Manggas ng uniporme
- Gloves Shovel
- Mahabang buhok
- Strap at iba pa

TIPS Ang implementasyon ng 4S ang pangunahing pamantayan ng kaligtasan!

Seiri (pagbubukod)

- Paghiwa-hiwalayin ang mga bagay na gagamitin, aayusin, at itatapon.
- Itapon ang mga hindi na kailangan.

Seiton (pagsasaayos)





- Iligpit ang tools sa nakatakandang lugar
- Huwag mag-iwan ng gamit sa daanan.

Seiso (paglilinis)

- Linisin kaagad ang lugar ng trabaho kapag may dumi.
- Huwag magtapon ng gamit sa sahig.

Seiketsu (paggawa ng pamantayan)

- Ayusin ang itsura.
- Huwag hayaang marumi o sira ang uniporme.
- Pangalagaan ang kagamitan at protective equipment.



Ang aksidente sa trabaho ay may epekto sa sarili at hindi lamang problema ng iba.

Alalahanin na ang pagsunod sa patakaran ay pagprotekta sa "sarili", "pamilya", at "pamumuhay".

Kapag may nangyari, importante ang regular na komunikasyon sa lugar ng trabaho.

Ayos! Susundin ko ang patakaran at gagalingan ko araw-araw!

Naiintindihan niyo na ngayon na ang panganib ay malapit sa atin nang higit pa sa inaakala?

Parang may katulad ang bida sa istorya sa pagiging hindi maingat.

Hmmm? May sinabi ka ba?

Para sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho, importante ang kaalaman at pagsunod sa patakaran ng bawat isa.

Bukod pa rito,

Protective equipment at iba pa


Gumamit ng protective equipment na angkop sa trabaho!




Gloves

Pinoprotektahan ang kamay mula sa mga bagay na mainit at matalim

Gumamit ng materyal na angkop sa trabaho, may mahabang manggas, at may pasukan ng limang daliri.



Arm cover



Inaalis ang puwang na pinapasukan ng mainit na bagay tulad ng spatter

Itinatago ang balat.

Helmet

Pinoprotektahan ang ulo mula sa pagsalpok



I-adjust ang chin strap at higpitang mabuti para hindi maalís sa posisyon. Palitan kaagad kapag sumalpok na ito kahit isang beses.

Apron

Pinoprotektahan ang katawan mula sa init at iba pa



Isuot nang mataas hangga't maaari.

Safety shoes

Pinoprotektahan ang paa mula sa mabigat na bagay



Magsuot ng may angkop na sukat sa sarili. Magkabit ng instep protector.

Foot cover


Pinipigilang makapasok ang spatter at iba pa



Isuot nang tama na walang pagluwang.

Anti-glare eyeglasses

Pinoprotektahan ang mata mula sa mapanganib na rays



Ilapat nang mabuti sa mukha.

Protective glasses

Pinoprotektahan ang mata mula sa mga tumatalsik na bagay, alikabok, at init.



Gumamit ng bagay na angkop sa uri ng risk at hazard.

Piliin ang angkop na protective equipment ayon sa trabaho. Mawawalan ito ng saysay kung hindi gagamitin nang tama!

Countermeasure Point 1

Isuot nang tama, gamitin nang tama!


Siguraduhing pantay at walang puwang!



Protective equipment para sa respiration


Dust-proof mask

Pinipigilan ang paglanghap ng alikabok.




Gas mask

Pinipigilan ang paglanghap ng nakakalasang gas.



- Gumamit ng angkop sa uri ng hazardous substance at concentration.
- Kumpirmahin ang paglapat (fit check).
- Palitan ang filter, canister, at iba pa.
- Sundin ang use-by date ng disposable na uri.



Kapag nakalanghap ng maraming alikabok sa loob ng mahabang panahon, maaaring mauwi sa pneumoconiosis.

Countermeasure Point 2

Gumamit ng protective equipment na angkop ang sukat sa katawan!

Papalitan ito kaagad kung hindi angkop ang sukat.




Countermeasure Point 3


Huwag hayaang marumi o may sira!



Alisin ang dumi.



Papalitan kung may sira o may butas.



Itabi sa malinis na lugar.

Alamin sa Pamamagitan ng Manga

Kaligtasan at Kalusugan sa Casting

Inilathala: Marso ng 2021

Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Tagaplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.

Suporta: Safety Education Material Working Group tungkol sa Casting

Producer: Sideranch Inc.



Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito
Ministry of Health, Labour, and Welfare
Labour Standards Bureau
Safety and Health Department
Safety Section